Tagalog

# Confidence in the Presence of God

By President Russell M. Nelson
*President of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*

# Tiwala sa Harapan ng Diyos

Ni Pangulong Russell M. Nelson
*Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

April 2025 general conference

---

*As we diligently seek to have charity and virtue fill our lives, our confidence in approaching God will increase.*

*Sa masigasig nating paghahangad na magkaroon ng pag-ibig sa kapwa at napupuspos ng kabanalan ang ating buhay, ang ating tiwala sa paglapit sa Diyos ay madaragdagan.*

My dear brothers and sisters, I am grateful to speak to you today in this important general conference. My eyes continue to get older. Thank you for your understanding as I deliver my message.

Mahal kong mga kapatid, salamat at makapagsasalita ako sa inyo ngayon, sa mahalagang pangkalahatang kumperensyang ito. Patuloy na ang paglabo ng mata ko. Salamat sa inyong pang-unawa sa paghahatid ko ng aking mensahe.

We live in a day of great momentum in The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints. I am filled with joy as I see progress in so many areas.

Nabubuhay tayo sa napakagandang momentum sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Masayang-masaya akong makita ang progreso sa maraming lugar.

I am especially inspired by our youth. They are giving service in large numbers. They are seeking their ancestors and performing ordinances in the temple. Our young men and women are submitting applications for missionary service in record numbers. The rising generation isrising upas stalwart followers of Jesus Christ.

Nabigyan ako lalo ng inspirasyon ng ating mga kabataan. Marami sa kanila ang nagbibigay ng serbisyo. Hinahanap nila ang kanilang mga ninuno at nagsasagawa ng mga ordenansa sa templo. Marami sa ating mga kabataan ang nagsusumite ng mga aplikasyon para sa paglilingkod bilang misyonero. Ang bagong henerasyon aynagiging magigitingna tagasunod ni Jesucristo.

Recently I met a new great-granddaughter. When I contemplate the challenges she will experience in her life, I feel a great desire to help her build faith in Jesus Christ. Living His gospel is essential for her future happiness.

Kailan lang ay nakita ko ang bagong apo ko. Kapag naiisip ko ang magiging mga hamon niya sa buhay, gusto kong tulungan siyang magkaroon ng pananampalataya kay Jesucristo. Ang pamumuhay ng Kanyang ebanghelyo ay mahalaga para sa kanyang kaligayahan.

She, like each of us, will face challenges. We all will experience illness, disappointment, temptation, and loss. These challenges can knock our self-confidence. However, disciples of Jesus Christ have access to a different kind of confidence.

Siya, tulad natin, ay mahaharap sa mga hamon. Daranas tayong lahat ng karamdaman, pagkasiphayo, tukso, at kawalan. Maaaring madaig ng mga hamon na ito ang ating tiwala sa sarili. Gayunman, ang mga disipulo ni Jesucristo ay may kakaibang uri ng kumpiyansa.

When we make and keep covenants with God, we can have confidence that is born of the Spirit. The Lord told the Prophet Joseph Smith

Kapag gumagawa at tumutupad tayo ng mga tipan sa Diyos, maaari tayong magkaroon ng kumpiyansa na ito ay mula sa Espiritu. Sinabi

that our confidence can "wax strong in the presence of God."Imagine the comfort of having confidence in the presence of God!

When I speak of having confidence before God, I am referring to having confidence in approaching Godright now! I am referring to praying with confidence that Heavenly Father hears us, that He understands our needs better than we do. I am referring to having confidence that He loves us more than we can comprehend, that He sends angels to be with us and with those we love.I am referring to having confidence that He yearns to help each of us reach our highest potential.

Now, how do we gain such confidence? The Lord answers this question with these words: "Let thy bowels … be full of charity towards all men, … and let virtue garnish thy thoughts unceasingly;thenshall thy confidence wax strong in the presence of God."

There's the key! In the Lord's own words, charity and virtue open the way to having confidence before God! Brothers and sisters, we can do this! Our confidence can truly wax strong in the presence of God, right now!

Let's consider both charity and virtue.

First, charity. Two years ago, I called upon us, as covenant followers of Jesus Christ, to be peacemakers. I repeat what I said then: "Anger never persuades. Hostility builds no one. Contention never leads to inspired solutions."

True charity towards all men is the hallmark of peacemakers! It is imperative that we have charity in our discourse, both public and private. I thank those of you who took my previous counsel to heart. But we can still do better.

The present hostility in public dialogue and on social media is alarming. Hateful words are deadly weapons. Contention prevents the Holy Ghost from being our constant companion.

ng Panginoon sa Propetang si Joseph Smith na ang ating pagtitiwala ay "titibay sa harapan ng Diyos."Isipin ang kapanatagan ng pagkakaroon ng tiwala sa harapan ng Diyos!

Kapag binabanggit ko ang pagkakaroon ng tiwala sa harapan ng Diyos, ang tinutukoy ko ay ang pagkakaroon ng tiwala sa paglapit sa Diyos-ngayon mismo! Ang tinutukoy ko ay ang pagdarasal nang may tiwala na dinirinig tayo ng Ama sa Langit, na nauunawaan Niya ang ating mga pangangailangan nang higit kaysa sa atin. Ang tinutukoy ko ay ang pagkakaroon ng tiwala na mahal Niya tayo nang higit kaysa sa kaya nating unawain, na nagpapadala Siya ng mga anghel upang makasama natin at ng mga yaong mahal natin.Ang tinutukoy ko ay ang pagkakaroon ng tiwala na nais Niyang tulungan ang bawat isa sa atin na maabot ang ating pinakamataas na potensiyal.

Paano tayo magkakaroon ng gayong tiwala? Sinagot ng Panginoon ang tanong na ito sa mga salitang ito: "Punuin din ang iyong sisidlan ng pag-ibig para sa lahat ng tao, … at puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay;sa gayon, ang iyong pagtitiwala ay titibay sa harapan ng Diyos."

Iyan ang susi! Sa salita ng Panginoon, ang pag-ibig sa kapwa at kabanalan ang nagbubukas ng daan sa pagkakaroon ng tiwala sa harapan ng Diyos! Mga kapatid, magagawa natin ito! Ang ating pagtitiwala ay tunay na lalakas sa harapan ng Diyos, ngayon mismo!

Isaalang-alang natin kapwa ang pag-ibig sa kapwa at kabanalan.

Una, ang pag-ibig sa kapwa. Dalawang taon na ang nakalipas, nanawagan ako sa atin, bilang mga sumusunod sa tipan ni Jesucristo, na maging mga tagapamayapa. Uulitin ko ang sinabi ko noon: "Ang galit ay hindi nakahihikayat. Ang paglaban ay hindi nagpapalakas sa sinuman. Ang pagtatalo ay hindi kailanman humahantong sa mga inspiradong solusyon."

Ang tunay na pag-ibig sa lahat ng tao ang tanda ng mga tagapamayapa! Kailangang mayroon tayong pag-ibig sa kapwa sa ating pagsasalita, kapwa sa publiko at pribado. Nagpapasalamat ako sa inyo na isinapuso ang nauna kong payo. Pero maaari pa natin itong pagbutihin.

Ang karahasan ngayon sa mga usapan sa publiko at sa social media ay nakababahala. Ang mga salitang puno ng galit ay mga sandatang nakamamatay. Ang pagtatalo ang humahadlang

As followers of Jesus Christ, we should lead the way as peacemakers. As charity becomes part of our nature, we will lose the impulse to demean others. We will stop judging others. We will have charity for those from all walks of life.Charity towards all men is essential to our progress. Charity is the foundation of a godly character.

Let us plead with our Heavenly Father to fill our hearts with greater charity—especially for those who are difficult to love—for charity is a gift from our Heavenly Father for true followers of Jesus Christ.The Savior is the Prince of Peace. We are to be His instruments for peace.

Now, let us speak of virtue. The Lord tells us to garnish our thoughtsunceasinglywith virtue. Imagine the boost you will receive to any positive thought when you enhance it with virtue. Virtue makes everything better and happier! On the other hand, imagine what will happen when you add virtue to an impure thought, a cruel thought, or a depressing thought. Virtue will drive away-thosethoughts. Virtue will free you from anxious, troublesome thoughts.

Brothers and sisters, as the world grows more wicked, we need to grow increasingly pure. Our thoughts, words, and actions need to be unfailingly virtuous and filled with the pure love of Jesus Christ towards all men. The great opportunity before us is to become the people God needs us to be.

Regular worship in the house of the Lord increases our capacity for both virtue and charity. Thus, time in the temple increases our confidence before the Lord. Increased time in the temple will help us prepare for the Second Coming of our Savior, Jesus Christ. We do not know the day or the hour of His coming.But I do know that the Lord is prompting me to urge us to get ready for that "great and dreadful day."

sa palaging pagsama sa atin ng Espiritu Santo.

Bilang mga alagad ni Jesucristo, tayo dapat ang manguna bilang mga tagapamayapa. Kapag naging bahagi ng ating pagkatao ang pag-ibig sa kapwa, mawawala ang tendensiya na maliitin ang iba. Titigilan natin ang panghuhusga sa iba. Magkakaroon tayo ng pag-ibig sa lahat ng tao. Ang pag-ibig sa lahat ng tao ay mahalaga sa ating progreso. Pag-ibig sa kapwa ang pundasyon ng makadiyos na pag-uugali.

Tayo nang sumamo sa ating Ama sa Langit na punuin ang ating puso ng dagdag na pag-ibig sa kapwa—lalo na sa mahirap mahalin—sapagkat ang pag-ibig sa kapwa-tao ay isang kaloob mula sa ating Ama sa Langit para sa tunay na mga tagasunod ni Jesucristo.Ang Tagapagligtas ay ang Pangulo ng Kapayapaan.Dapat tayong maging mga kasangkapan para sa kapayapaan.

Ngayon naman ay pag-usapan natin ang kabanalan. Sinasabihan tayo ng Panginoon na puspusin ng kabanalan ang ating mga iniisip nangwalang humpay. Isipin na lang ang lakas na matatanggap ninyo, sa anumang positibong kaisipan, kapag ginamitan ninyo ito ng kabanalan. Nagagawa ng kabanalan na mas mabuti at mas masaya ang lahat ng bagay! Sa kabilang banda, isipin ang mangyayari, kapag idinagdag ninyo ang kabanalan sa maruming kaisipan, malupit na kaisipan, o sa nakaka-depress na kaisipan. Itataboy ng kabanalan anggayongmga kaisipan. Palalayain kayo ng kabanalan mula sa nakababalisa, nakababagabag na mga kaisipan.

Mga kapatid, habang lalong sumasama ang mundo, kailangan tayong lalo pang maging dalisay. Ang ating mga kaisipan, salita, at kilos ay kailangang palaging may kabanalan, at mapuspos ng dalisay na pag-ibig ni Jesucristo tungo sa lahat ng tao. Ang malaking oportunidad na nasa ating harapan ay ang maging ang mga tao na kailangan ng Diyos.

Ang regular na pagsamba sa bahay ng Panginoon ay nagdaragdag sa kakayahan nating magkaroon ng kabanalan at pag-ibig sa kapwa-tao. Kaya nga, ang oras natin sa templo ay nagpapaibayo sa tiwala natin sa sarili sa harapan ng Panginoon. Ang dagdag na oras sa templo ay tutulong sa atin na maghanda para sa Ikalawang Pagparito ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Hindi natin alam ang araw o ang oras ng Kanyang pagdating.Pero alam ko na ipinahihiwatig sa akin ng Panginoon na himukin tayo na maghanda para sa "dakila at kakila-kilabot na araw" na iyon.

As we diligently seek to have charity and virtue fill our lives, our confidence in approaching God will increase. I invite you to take intentional steps to grow inyourconfidence before the Lord.Then, as we go to our Heavenly Father with increasing confidence, we will be filled with more joy, and your faith in Jesus Christ will increase. We will begin to experience spiritual power that exceeds our greatest hopes.

We are grateful to the Lord for the acceleration of temple-building in recent years. Under His direction, today we announce plans to construct a temple in each of these 15 locations:

Reynosa, Mexico
Chorrillos, Peru
Rivera, Uruguay
Campo Grande, Brazil
Porto, Portugal
Uyo, Nigeria
San Jose del Monte, Philippines
Nouméa, New Caledonia
Liverpool, Australia
Caldwell, Idaho
Flagstaff, Arizona
Rapid City, South Dakota
Greenville, South Carolina
Norfolk, Virginia
Spanish Fork, Utah

I testify that Jesus Christ, the Redeemer of Israel, leads this, His Church. He is preparing to come again. May we likewise prepare to receive Him. For this I pray in the name of Jesus Christ, amen.

Sa masigasig nating paghahangad na magkaroon ng pag-ibig sa kapwa at napupuspos ng kabanalan ang ating buhay, ang ating tiwala sa paglapit sa Diyos ay madaragdagan. Inaanyayahan ko kayong tahasang gumawa ng mga hakbang upang lumago anginyongtiwala sa harapan ng Panginoon.At, sa paglapit natin sa ating Ama sa Langit nang may dagdag na tiwala, lalo tayong mapupuspos ng kagalakan, at ang inyong pananampalataya kay Jesucristo ay madaragdagan. Magsisimula tayong makadama ng espirituwal na kapangyarihan na higit kaysa sa ating mga dakilang inaasahan.

Nagpapasalamat tayo sa Panginoon sa pinabilis na pagtatayo ng mga templo nitong mga nakaraang taon. Sa ilalim ng Kanyang patnubay, ngayon, ay ibinabalita namin ang plano na magtayo ng templo sa 15 lugar na ito:

Reynosa, Mexico
Chorrillos, Peru
Rivera, Uruguay
Campo Grande, Brazil
Porto, Portugal
Uyo, Nigeria
San Jose del Monte, Philippines
Nouméa, New Caledonia
Liverpool, Australia
Caldwell, Idaho
Flagstaff, Arizona
Rapid City, South Dakota
Greenville, South Carolina
Norfolk, Virginia
Spanish Fork, Utah

Pinatototohanan ko na si Jesucristo, na Manunubos ng Israel, ang namumuno dito, sa Kanyang Simbahan. Siya ay naghahanda na muling pumarito. Nawa ay maghanda rin tayo na tanggapin Siya. Ito ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen.